



MGA PAALALA UKOL SA STORM SURGE


Kaalaman

1. Ano ang storm surge?

Ang storm surge o daluyong ng bagyo ay ang hindi pangkaraniwang pagtaas ng tubig sa dalampasigan habang papalapit ang bagyo sa baybayin.

2. Bakit nagkakaroon ng storm surge?

Sanhi ito ng malakas na hangin dahil sa pagbaba ng presyon sa mata ng bagyo na nagtutulak sa tubig-dagat, dahilan upang ito ay maipon at tumaas kaysa pangkaraniwang taas ng tubig, patungong baybayin.



3. Ano ang epekto ng storm surge?

Ang storm surge ay nagdudulot ng malawakang pagbaha na maaaring umabot ng ilang kilometro mula sa baybaying dagat, depende sa hugis at taas ng alon nito. Kasabay ng malakas na pag-alon at malakas na hangin, ang storm surge ay maaaring makapinsala at tangayin ang anumang bagay na dadaanan nito.



4. Sino ang maaaring maapektuhan nito?

Isa ang Pilipinas sa mga bansang malapit sa peligrong dulot ng storm surge dahil sa mahabang baybaying-dagat nito. Ang pangunahing maaaring tamaan ng storm surge ay ang mga komunidad malapit sa baybaying dagat. Maaari ring abutin ang mga mamamayang may ilang kilometro ang layo rito, depende sa taas ng kalupaan (mas mababa ang nibel ng kalupaan, mas madaling maapektuhan). Hindi apektado ng storm surge kung matarik ang pampang.



5. Ang mga nagdaang storm surge sa Pilipinas

Marami nang naitalang insidente ng mga ari-ariang nawasak at mga buhay na nasawi sa iba't ibang baybayin ng bansa. Isa rito ang Bagyong Undang noong Nobyembre 1984, na nagdulot ng malawakang pinsala sa mga tahanan at ari-arian ng mga taga Basey, Samar. At nitong Setyembre 2011 naman, muling bumulusok ang daluyong ng bagyo sa baybayin ng Manila Bay kung saan malubhang pinsala rin ang idinulot ng baha, malakas na hangin, at bugso ng mga alon.

Kahandaan at kilos

1. Ano-ano ang dapat gawin tuwing may banta ng storm surge?

Ang babala ng storm surge ay nakapaloob sa PAGASA Severe Weather Bulletin. Ang nakasaad dito: lahat ng mga residenteng nakatira sa mababang bahagi ng baybayin ay pinapayuhang lumipat sa mas mataas na lugar na matitirhan at sumunod sa lahat ng paalala at babala ukol sa baha dahil sa daluyong ng bagyo.

Bilang mga indibidwal:



a) Makinig sa kinauukulan; tumutok sa radyo, TV, o internet para sa mga ulat-panahon mula sa PAGASA at iba pang katuwang na ahensiya ng gobyerno.



b) Maghanda sa posibilidad ng paglikas sa mas mataas na lugar o evacuation center bago pa man magkaroon ng storm surge. Maging mahinahon. Maghanda at magdala ng mga gamit tulad ng damit, pagkain at inumin, first aid kit, flashlight, at radyong de-baterya.



c) Lumikas sa mataas na lugar. Lumayo nang hindi bababa sa 500 metro mula sa patag na baybayin kung direktang dadaan ang bagyo na magdudulot ng storm surge sa inyong komunidad.



d) Bago lumikas, suriin ang bahay at kumpunihin ang mahihinang bahagi nito. Isara ang mga bintana at ibaba ang main switch ng kuryente. Ilagay sa mataas na lugar ang mahahalagang kasangkapan.


Bilang mga komunidad:



a) Magplano at gumawa ng evacuation plan; pag-aralan ang mga pamamaraan sa lahat ng aspekto tungkol sa kahandaan sa mga kalamidad



b) Magsagawa ng disaster drills upang magkaroon ng kasanayan ang bawat miyembro ng komunidad sa aktuwal na sitwasyon sa panahon ng sakuna



c) Magkaroon ng tiyak at sistematikong pamamaraan sa paghakot ng mga kagamitan, sa paglikas, sa mga tuntunin ng rescue operations at sa mga gawaing pang-relief at rehabilitasyon

Para sa mga tanong at dagdag na impormasyon, makipag-ugnayan sa:

NDRRMC

website: www.ndrrmc.gov.ph
email: ndrrmc.secretariat@yahoo.com
tel no.: 912-0441

PAGASA

Website: www.pagasa.dost.gov.ph
Email: pilas@pagasa.dost.gov.ph
Tel no.: 434-2696

Philippine Coast Guard

Website: www.coastguard.gov.ph
Tel no.: 527-8481 Loc. 6290/6292